Patakaran at Proseso FI85

Paksa:
Collections Policy

Petsa ng Pagkabisa:
Enero 1, 2016

Sumasakop sa:
Houston Methodist Hospitals
Houston Methodist Physician Organization

Petsa ng Pagrebisa/Rebyu:
Enero 1, 2020

Lugar na Pinagmulan:
Revenue Cycle Council

Inaasahang Petsa ng Pagrebyu:
Enero 1, 2023

I. PATAKARAN

Patakaran ng Houston Methodist (HM) na siguraduhin na ang mga halaga na pagkakautang ng mga pasyente para sa pangangalagang medikal (utang) na naibahagi ng Houston Methodist ay nakolekta sa isang propesyunal, magalang at nasa tamang oras na pamamaraan. Ang mga kabayaran para sa mga nasabing utang ay sisingilin ayon sa parehas na krayterya at proseso para sa lahat ng mga pasyente ng HM na hindi naging kwalipikado para sa 100% diskwento ng tulong pinansyal. Inilalatag ng patakarang ito ang mga aksyon na isasagawa sa pagkakataon ng di-pagbayad ng utang, kabilang ang mga aksyon na isasagawa ng pangatlong partidong ahensya sa koleksyon. Hindi magpapatupad ang HM ng mga karagdagang aksyon sa pagkolekta tulad ng wage garnishment, personal lien sa pangunahing tirahan, credit bureau notification o ibang aksyong ligal. Ang prinsipyong gabay sa likod ng patakarang ito ay tratuhin ang lahat ng mga pasyente nang patas na may dignidad at respeto at siguraduhing ang akmang proseso sa pagkolekta ay malinaw at pare-parehong sinusunod.

II. PAKAHULUGAN

- Pinansyal na Pananagutan ng Pasyente: Ang mga halaga na di-sakop ng akmang paseguro o tulong ng pangatlong partido, kabilang ang mga halaga na utang ng walang paseguro, may paseguro, at kulang ang paseguro ng pasyente.

- Walang paseguro: Isang pasyente na walang paseguro o tulong mula sa pangatlong partido.

- Kulang na paseguro: Isang pasyente na may ilang paseguro o tulong mula sa pangatlong partido na makakatanggap ng di-sakop na serbisyo o mayroong sariling binayarang gastusin na lampas sa kanyang kakayahang pinansyal.

- May paseguro: Isang pasyente na may paseguro o tulong mula sa pangatlong partido at may kailangang bayaran na bahagi ng kanilang pangangalaga sa anyo ng mga pagbabawas, co-insurance, at co-payments.

- Tulong Pinansyal: Ang mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na inilaan ng mga ospital ng HM nang walang bayad o may kabawasan sa mga pasyente na aprubado para sa Financial Assistance [Tulong Pinansyal].

- Di-Mabayarang Pautang [Bad Debt]: Ang pananagutang pinansyal ng pasyente na dapat bayaran ng pasyente na hindi nakolekta sa loob ng 120 araw ng unang notipikasyon sa pagsingil.

- Pangatlong Partido na Ahensya ng Koleksyon [Third Party Collections Agency]: Isang panlabas na ahensya, na nangongolekta ng mga bad debt account sa pangalan ng kanilang kompanya na kumakatawan sa Houston Methodist.

III. MGA PROSESO

A. Ang mga sumusunod ay ang proseso sa pagsingil:

1. Maaaring humiling ang HM ng kabayaran para sa anumang financial liability ng pasyente para sa naunang pangangalagang medikal sa o sa oras na inilalaan ang pangangalaga (maliban sa pangangalagang emergency). Para sa pangangalagang emergency, maaaring humiling ang HM ng kabayaran para sa anumang batid na babayarang financial liability matapos ilaan ang pangangalaga.

2. Kung hindi nagbayad ang pasyente sa HM sa oras na inilaan ang pangangalagang medikal, agarang sisingilin ang pasyente ng HM para sa kanilang financial liability matapos ilaan ang pangangalaga sa walang paseguro na pasyente. Para sa mga may paseguro at kulang ang paseguro na mga pasyente, sisingilin ng HM ang pasyente na may financial liability matapos magbayad ang kanilang (mga) paseguro.

3. Hindi tatanggihan, patatagalin o hihingi ng kabayaran ang HM bago maglaan ng kinakailangang pangangalagang medikal dahil sa di-pagbayad ng mga naunang singil.

4. Kung kwalipikado ang pasyente para sa Financial Assistance, ididiskwento ng HM ang pananagutang pinansyal ng pasyente, tingnan ang Patakaran sa Financial Assistance Discount, FI49.

5. Kung ang pasyente at paunang tinanggap bilang kwalipikado para sa tulong pinansyal at natukoy na kwalipikado para sa mas mababa kaysa sa pinakamagandang diskwento, maaaring kumpletuhin ng pasyente ang Financial Assistance Application anumang oras sa proseso ng koleksyon upang muling matasa para sa pinakamagandang diskwento.

6. Sisingilin ng HM ang pasyente sa kanyang pananagutang pinansyal gamit ang karaniwang proseso sa pagsingil na kinabibilangan ng pinakamababang tatlong pagsubok sa panahon ng mahigit 120 araw.

7. Maglalaan ang HM ng kopya sa isang wikang payak na buod ng Financial Assistance Policy ng Houston Methodist kapag hiniling, tingnan ang patakaran sa pagkakaroon ng impormasyon ng kontak sa seksyon C sa ibaba.

B. Ang mga sumusunod ay ang proseso sa koleksyon:

1. Sa panahon ng unang 120 araw matapos ang unang paunawa sa singil sa pasyente, hindi isasangguni ng HM ang account sa isang pangatlong partidong ahensya ng koleksyon.

2. Para sa mga pasyente na hindi makabayad ng kanilang balanse nang buo, mag-aalok ang HM ng pinahabang opsyon sa pagbayad nang hanggang 36 buwan nang walang interes o multa, tingnan ang Extended Payment Option Policy, FI86.

3. Kung walang positibong tugon mula sa pasyente na matatanggap matapos ang 120 araw mula sa unang notipikasyon sa pagsingil o walang aktibong buwanang plano sa pagbayad ang mabubuo, ituturing ng HM bilang bad debt ang di-bayad na financial liability ng pasyente. Kukuha ang HM ng aprubadong pangatlong partidong ahensya sa koleksyon upang gumawa ng karagdagang pagsisikap sa koleksyon sa mga account na itinuring na bad debt.

4. Kahit na may klaspikasyon na bad debt o pagsangguni ng mga account na bad debt sa pangatlong partidong ahensya sa koleksyon, maaari pa rin mag-apply ang pasyente para sa Financial Assistance anumang oras.

5. Ilalagay ng HM sa naksulat na kontrata na may pagsangayon ng pangatlong partidong ahensya sa koleksyon na kung saan nito isinangguni ang mga account na itinuring na bad debt. Inoobliga ng kontrata ang pangatalong partidong ahensya sa koleksyon na tumupad sa mga patakaran ng HM patungkol sa pagkolekta ng bad debt, at tumupad sa parehong proseso na nagsasagawa ng paglaan ng mga opsyon sa Financial Assistance at pinahabang pagbayad.

6. Ipatutupad ng pangatlong partidong ahensya sa koleksyon ang pangongolekta ng bad debt gamit ang pagtawag sa telepono, email, liham na pangkoleksyon at ibang tanggap na paraan na aprubado ng HM at bilang pagtupad sa mga umiiral na batas.

7. Pinagbabawalan ang lahat ng pangatlong partidong ahensya sa koleksyon na magsagawa ng di-karaniwang gawain sa koleksyon (hal., pag-ulat sa credit bureau, paglabas ng kapasyahan o lien laban sa personal o real property, garnishment ng sahod).

C. Pagkakaroon ng patakaran:

1. Web Site – Gagawin ng HM na maaaring makuha ang patakarang ito gamit ang kanyang website HoustonMethodist.org/Billing. Lalagyan din ang

website ng mababatid na link na nagpapahintulot sa mga mambabasa na i-download ang isang PDF file ng patakarang ito, walang-bayad.

2. Kopyang Papel – Gagawa ang HM ng mga kopya na nasa papel na makukuha nang walang bayad, parehong sa koreo at email, sa mga lugar ng Patient Registration, Centralized Billing Office, at Emergency Department.

3. Ingles at Ibang Wika – Gagawin din ng HM na makukuha ang patakarang ito sa Ingles at sa iba't ibang pangunahing wika ng malaking populasyon na kanyang pinagsisilbihan.

4. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan –
   Houston Methodist
   Centralized Business Office
   Attn: Self Pay Unit
   701 S. Fry Road
   Katy, TX 77450
   Telepono: 832-667-5900 (lokal) o 877-493-3228 (walang-toll)

IV. MGA KONSEHO O KOMITE SA PAGREBYU O PAG-APRUBA NG PROSESO:

Revenue Cycle Council
CFO Council
Houston Methodist Board of Directors

V. SALIGANG SANGGUNIAN:

1. Patient Protection and Affordable Care Act of 2010;
2. Internal Revenue Code Section 501r;
3. System FI49 Financial Assistance Discounts na Patakaran
4. System FI86 Extended Payment Option na Patakaran

VI. PANGALAN NG EHEKUTIBONG NAGAPRUBA: Marc L. Boom, M.D.

Titulo: President and Chief Executive Officer

Authorisado ng Chief Administrative Officer:

(Nalagdaan ang Orihinal na nasa File)

M. Boom Petsa
Presidente
Punong Tagapagpatupad na Opisyal [Chief Executive Officer]
Houston Methodist